Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon X-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNSOD NG MALAYBALAY
Corner Don Carlos-Guingona Sts., Malaybalay City
Telefax (0880 or (088) 221-4597 email: depedmlblycity@yahoo.com

140
Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: 8/14/13 Time: 8:22AM
By:

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 209 **s. 2013**

Para sa mga: **Tagamasid Pampurok**
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Kaguruan
Sa Dibisyong ito

Buhat Kay : **EDILBERTO L. OPLENARIA**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa : **PANSANGAY NA PATIMPALAK SA ASIGNATURANG FILIPINO ELEMENTARYA AT SEKONDARYA**

Petsa : **Ika- 13 ng Agosto, 2013**

Alisunod sa walang bilang na Memorandum Panrehiyon na nilagdaan noong ika- 31 ng Hulyo, 2013 hinggil sa gaganaping Pinagsanib na Patimpalak Panrehiyon sa darating na Oktobre 1-2, 2013 ang asignaturang Filipino ay magkakaroon ng **Tagisan ng Talino.**

Para sa pampinid na pagdiriwang sa Buwan ng Wika 2013, ang Sangay ng Lunsod ng Malaybalay ay magkakaroon ng patimpalak sa asignaturang Filipino sa Antas Elementarya at sa Antas Sekondarya sa **Agosto 28, 2013 sa Paaralang Sentral ng Malaybalay,** Lungsod ng Malaybalay.Ang kompetisyon sa pangkat **Elementarya** ay gagawin **sa umaga** na magsimula sa ganap na 7:30 ng umaga at sa Antas ng **Sekondarya** ay 1:00 ng hapon.

Layunin sa gawaing ito ang mga sumusunod:

a. masusukat ang mga taglay na tanging kakayahan at ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng isang makabuluhang kompetisyon sa larangan ng maunawaang pagbasa, malikhaing pagsulat at kaalaman ng wika at panitikang Pilipino
b. mapahalagahan ang pag-aaral ng wika at panitikang Pilipino;
c. malilinang sa mga mag-aaral ang malalim na pagtitiwal sa sarili hinggil sa kanilang kanilang angking kakayahan at kaalaman at
d. mapayabong ang kakayahan ng pagbigkas

Ang nararapat lumahok sa patimpalak na ito ay mga **Pandistritong kampyon** na nagsipagwagi sa pandistritong paligsahan, na sasamahan sa gurong tagapagsanay sa paaralan.

Ang pandibisyon na tagisan ay bubuin ng mga sumusunod na aspekto:

a. Kakayahan sa maunawaang pagbasa – 25%
b. Kakayahan sa malikhaing pagsulat - 25%
c.. Kaalaman sa wika at panitikan - 25%
d. Kakayahan sa pagbigkas -25%

Kalakip dito ang mga alituntunin at batayang sukat ng kompetisyon.

Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

Inklosyur Blg.1 sa Pansangay na Memorandum Blg. s. 2013

Mga Tuntunin at Pamantayan sa Wika at Panitikan Para Sa Pandibisyon na Tagisan ng Talino sa Antas Elementarya at Sekondarya

1. Ang Pandibisyong Tagisan ng Wika at Panitikang Filipino ay gaganapin sa MCCS,Malaybalay sa Agosto 28, 2013.
2. Isang mag-aaral lamang , ang kampeyon ng bawat distrito ang dapat lumahok sa patimpalak .

3. Ang mga katanungan para sa pandibisyon na patimpalak ay nagmumula sa mga pandistritong patimpalak at Antas Sekondarya na tagapagsanay.

4. Sa pagbubuo ng mga katanungan na gagamitin sa tagisan , isaalang –alang ang mga sumusunod:
   a. 15 madaling tanong na may 1 punto bawat isa.
   b. 10 katamtamang tanong na may dalawang puntos bawat isa.
   c. 10 mahirap na tanong na may 3 puntos bawat isa

5. Ang bawat tanong ay sasagutin sa loob ng 15 segundo.

6. Ang sagot ay isusulat sa inihandang mga tag board. Ipapakita lamang ang mga sagot matapos ipahayag ng guro ng timpalak.

7. Ang guro ng patimpalak ang magsasabi ng wastong sagot matapos maipataas ng mga kalahok ang kanikanilang mga tagboard.

8. Pagkatapos ng isang kategorya, susumahain ng itinalagang tagasuma ang kabuuang puntos ng bawat kalahok.

9. Kung may magkakapatas na puntos ng mga kalahok, magbibigay ng karagdagang tanong hanggang mapili ang tatanghaling kampeyon ng dibisyon.

10. Hindi pahihintulutan ang mga tagapagsanay na magsasagawa ng paliwanag. Ang mga kalahok ang nararapat gumawa nito matapos humingi ng pahintulot sa guro ng patimpalak na siyang magpapahayag ng paglilinaw.

11. Ang tatlong kalahok na magtamo ng mataas na puntos ay makatatangagp ng medalya at sertipiko ng pagkilala.

13. Sa malikhaing pagsulat ang mga kalahok ay bibigyan ng Paksang isusulat sa loob ng silid na ang mga kalahok at test Master lamang ang naroron.

14. Bibigyan lamang ang mga kalahok ng labinlimang minutos sa pagsulat.

15. Ang mga kalahok ay bubunot ng isang binilot na papel na nagtataglay ng paksa na kanyang tatalakayin sa loob ng tatlo hanggang limang minutos.

16. Ang kakayahan sa pagbigkas ay susukatin sa mga sumusunod na aspeto:
   A. Gamit ng Wastong pananalita
   B.Kaangkupang ng pagpapahayag sa paksang tinatalakay o laman ng paksa
   C. Daloy ng pagbigkas
   D. Tono ng boses at ekspresyon ng mukha, galaw ng kamay , ulo ,mata at iba pang bahagi ng katawan

17. Bilang ng mga kalahok sa Antas Elementarya at Antas Sekondarya

Elementarya	Bilang	Sekondarya	Bilang
1.Sentral	1	1.BNHSMain at Annexes	1
2.North	1	2.Can-ayan Is	1
3.West	1	3.Busdi Is	1
4. East	1	4. Bangcud	1
5.Far East	1	5.Silae	1
6.South	1	6.San Marti Agro	1
		7.Mangok at Annexes	1
Kabuuan	6		7